

PAANO kami makokontak

- Maaari mo kaming tawagan anumang oras sa **1800 999 057** - ito ay isang libreng tawag mula sa landline
- Maaari mong hilingin sa mga tauhan ng mga serbisyong nauukol sa kalusugang pangkaisipan na tawagan ang MHAS at kailangang gawin nila ito sa loob ng 24 na oras
- Ang tanggapan ng MHAS ay bukas mula 8.30n.u. hanggang 4.30n.h., Lunes hanggang Biyernes ngunit maaari kang mag-iwan ng mensahe sa answering machine at tatawagan ka namin sa lalong madaling panahon hanggat maaari, maging sa mga araw ng Linggo at Sabado. Kailangan naming malaman ang iyong pangalan, numerong tatawagan, petsa ng kapanganakan at kung saan ka nakatira
- Bisitahin ang aming website: **www.mhas.wa.gov.au**

Sino kami - Ang Serbisyong Tagapagtaguyod ng Kalusugang Pangkaisipan (Mental Health Advocacy Service) (MHAS)

- Ang MHAS ay isang libreng serbisyo na independiyente sa mga ospital at lahat ng mga serbisyo ng kalusugang pangkaisipan
- Nagtataguyod kami ayon sa iyong mga ninanais upang marinig ang iyong tinig
- Mayroon kaming mga kapangyarihan sa ilalim ng *Mental Health Act 2014* upang tulungan kami na makapagtaguyod para sa iyo. Kung hindi ka tututol, maaari naming tingnan ang iyong medikal na file at sisikaping makakuha ng mga sagot sa mga katanungang mayroon ka tungkol sa paggamot at pangangalaga para sa iyo
- Kailangang sagutin ng mga tauhan ng mga serbisyong nauukol sa kalusugang pangkaisipan ang aming mga tanong, bigyan kami ng impormasyon at tulungan kami na sikaping malutas ang mga isyu para sa iyo.

Makatutulong na mga Kontak

Serbisyong Tagapagtaguyod ng Kalusugang Pangkaisipan

Reply Paid 84455 - hindi kailangan ang selyo

Tel: (08) 6234 6300 o

Libreng tawag: 1800 999 057

Website: www.mhas.wa.gov.au

Iba pang Makatutulong na mga Kontak

Konseho ng Kalusugang Pangkonsyumer

para sa pagtataguyod, impormasyon at pagpapayo tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan
Tel: (08) 9221 3422 o Libreng tawag: 1800 620 780

Sentrong Pambatas ukol sa Kalusugang Pangkaisipan

Para sa pagpapayong pambatas at representasyon sa mga pagdinig ng Hukuman para sa Kalusugang Pangkaisipan
Tel: (08) 9328 8266 o Libreng tawag: 1800 620 285
o Linya ng Pagpapayo: (08) 9328 8012

Tanggapan ng mga Reklamong nauukol sa mga Serbisyong Pangkapansanan at Pangkalusugan (Health and Disability Services Complaints Office) (HaDSCO)

Para sa mga imbestigasyon ng mga reklamo tungkol sa pampubliko at pamribadong mga serbisyong pangkalusugan
Tel: (08) 6551 7600 o Libreng tawag: 1800 813 583



MENTAL HEALTH
ADVOCACY SERVICE



MENTAL HEALTH
ADVOCACY SERVICE

FILIPINO

Para marinig ang iyong tinig - alamin ang iyong mga karapatan

Libreng tawag 1800 999 057

ANO ang maaari naming gawin upang matulungan ka

Nakalaan ang mga Tagapagtaguyod ng Kalusugang Pangkaisipan upang protektahan ang iyong mga karapatan, tulungan ka na maipahayag ang iyong mga ninanais, at sabihin ang nais mong mangyari.

Kami ay nasa iyong panig at maaari kaming makatulong sa iyo na:

- maunawaan at maipatupad ang iyong mga karapatan
- maisaayos ang pakikipagpulong sa iyong doktor o pangkat na tagagamot at sasamahan ka namin sa pulong na ito
- maipaliwanag ang iyong mga ninanais sa iyong pangkat na tagagamot
- makakuha ng karagdagang opinyon mula sa iba pang psychiatrist
- mag-aplay sa Hukuman ng Kalusugang Pangkaisipan upang repasuhin ang iyong hindi boluntaryong kautusan o iba pang mga desisyong ginawa tungkol sa iyo
- suportahan ka sa pagdinig ng Hukuman
- isangguni ka sa mga abugado
- makakuha ng opinyon tungkol sa paggamot sa iyo, suporta at plano sa pagpapauwi
- gumawa ng reklamo tungkol sa serbisyo ng kalusugang pangkaisipan
- makakuha ng interpreter para sa iyo
- kontakin ang iyong pamilya at iba pang mga taong tagasuporta.

Itinataguyod namin ang pagsunod sa *Karta ng mga Prinsipyo ng Pangangalagang nauukol sa Kalusugang Pangkaisipan* upang matiyak na ikaw ay nakakakuha ng pinakamahusay na posibleng paggamot at pangangalaga.

SINO ang maaari naming tulungan

Ang mga Tagapagtaguyod ng Kalusugang Pangkaisipan ay makakatulong sa iyo kung ikaw ay:

- isang hindi boluntaryong pasyente sa isang ospital
- isang taong nakapailalim sa Community Treatment Order (CTO)
- isang taong isinangguni para maiksamin ng isang psychiatrist (kailangang payagan ka nila na gumamit ng telepono upang matawagan kami kung ikaw ay ikukulong)
- isang boluntaryong pasyente sa isang ospital na hindi pinapayagang umalis dahil ikaw ay ikinulong para sa pagtatasa
- isang taong akusado na may kapansanang pangkaisipan sa ilalim ng *Criminal Law (Mentally Impaired Accused) Act 1996* (hal. nakapailalim sa Kautusan ng Ospital o Kustodiya) at ikinulong sa isang autorisadong ospital o naninirahan sa komunidad.
- isang residente ng pribadong sikayatrikong hostel.

Kung hindi ka sigurado kung ikaw ay isa sa mga nasa itaas, tawagan kami, anuman ang mangyari:

- maaari kaming makatulong sa iyo
- maaari din naming sabihin sa iyo ang iyong mga karapatan o
- maaari ka naming isangguni sa ibang taong maaaring makatulong.

Maaari kaming tawagan para sa iyo ng pamilya, mga tagapag-alaga at iba pang personal na mga taong tagasuporta at makikipagtulungan kami sa kanila kung ito ay pahihintulutan mo.

KAILAN kami makikipagkita sa iyo

Kokontakin ka ng isang Tagapagtaguyod ng Kalusugang Pangkaisipan sa loob ng pitong araw kung ikaw ay nasa edad na lampas sa 18, at sa loob ng 24 na oras kung ang iyong edad ay mababa sa 18, kung:

- ikaw ay hindi boluntaryong naging pasyente
- ikaw ay inilagay pa lamang sa ilalim ng isang CTO
- ikaw ay isang akusadong may kapansanang pangkaisipan at kakukulong pa lamang sa isang autorisadong ospital.

Mayroon ka ring karapatang tumawag sa amin sa anumang oras, o humiling sa mga tauhan ng mga serbisyong nauukol sa kalusugang pangkaisipan na tawagan kami para sa iyo, at:

- tatawagan ka o bibisitahin ng isang Tagapagtaguyod sa lalong madaling panahon na makakayanan nila
- kung ikaw ay isinangguni para sa eksaminasyon, kailangang kontakin ka ng isang Tagapagtaguyod ng Kalusugang Pangkaisipan sa loob ng 3 araw ngunit sisikapin naming kontakin ka sa loob ng 24 oras
- kung ang iyong edad ay mababa sa 18 kokontakin ka ng isang Tagapagtaguyod sa loob ng 24 oras.

Maaari ka ring lumapit sa isang Tagapagtaguyod ng Kalusugang Pangkaisipan habang sila ay bumibisita sa isang ospital, serbisyo ng kalusugang pangkaisipan o hostel.

Mayroon kaming mga Tagapagtaguyod ng Kalusugang Pangkaisipan na nakabase sa n Perth, Albany, Bunbury, Kalgoorlie at Broome. Kung ikaw ay nasa ibang lugar kokontakin ka namin sa pamamagitan ng telepono.